

# SINUMAN AY MAAARING MAKAKUHA NG MONKEYPOX

MULA SA PAGKAKARON NG MALAPITAN O MATALIK NA KONTAK SA TAONG MAY MONKEYPOX O SA MGA MATERYALES NA KONTAMINADO NG MONKEYPOX VIRUS

## PAANO NAIKAKALAT ANG MONKEYPOX:

Ang monkeypox ay maaaring maikalat kapag ang tao ay nagkaroon ng malapitang kontak sa taong nahawahan ng monkeypox virus o kapag ang tao ay nagkaroon ng kontak sa mga materyales (hal., mga kumot, tuwalya) na kontaminado ng virus.

Ang monkeypox virus ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng :

- Paghawak sa mga sugat ng monkeypox sa balat ng tao.
- Paghawak sa mga kontaminadong bagay, tela (mga damit, kumot, tuwalya), at mga ibabaw na nagkaroon ng kontak sa taong may monkeypox
- Pagkakaroon ng kontak sa mga maliliit na patak ng paghinga o mga inilalabas mula sa mga mata, ilong, at bibig mula sa taong may monkeypox

## PARA MAPIGILAN ANG PAGKALAT NG MONKEYPOX VIRUS, DAPAT NA IWASAN NG MGA TAO ANG:

- 1 MALAPITANG PAKIKISALAMUHA SA TAONG MAY MONKEYPOX**  
Kabilang ang pagyakap, pagmamasaha, pakikipaghalikan, o pakikipag-usap nang malapitan
- 2 PAKIKIPAGTALIK SA TAONG MAY MONKEYPOX**  
Kabilang ang pakikipagtalik sa bibig, puwit, at ari, o paghawak sa mga bahagi ng ari o puwit
- 3 PINAGSALUHAN ANG MGA BAGAY NA GINAMIT NG TAONG MAY MONKEYPOX**  
Kabilang ang paghawak sa mga napagsaluhang tela, napagsaluhang ibabaw, at mga damit

Para sa mas marami pang impormasyon sa Monkeypox, bisitahin ang:

[ph.lacounty.gov/media/Monkeypox/](http://ph.lacounty.gov/media/Monkeypox/)

06/30/2022 (Tagalog)



COUNTY OF LOS ANGELES  
**Public Health**